



Website hacking kinundena ng DOST-ICTO

Ni Allan Mauro V. Marfal
S & T Media Service, STII

Hinikayat ng Department of Science and Technology- Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO) ang kasalukuyang pamahalaan na kundenahin at patawan ng karampatang parusa ang mga mapapatunayang may kinalaman sa paninira at pangha-hack sa mga website ng alinmang bansa.

Ang hakbang na ito ay nag-ugat diumano sa mga ulat na insidente ng pangha-hack sa mga website ng bansang Tsina bilang protesta sa mga kaganapan sa usapin sa Panatag Shoal sa pagitan ng Pilipinas at Tsina.

Ayon kay DOST-ICTO Executive Director Louie Casambre, nauunawaan niya ang damdamin ng mga kababayan ngunit kanyang kinundena ang nasabing insidente na posibleng magpalubha ng sitwasyon.

Kamakailan ay na-hack ang website ng University of the Philippines-Diliman ng mga pinaniniwalaang hacker na sumisimpatiya sa Tsina habang mayroong mga ulat naman na nagsasabing ilang website ng Tsina naman ang na-hack.

sundan sa pahina 3

MakiBayan at ang pag-angat ng industriya ng metal

Ni George Robert Valencia III
S&T Media Service, STII

Pormal sa nilagdaan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario G. Montejo kasama ang mga pinuno mula sa hanay ng metals industry, akademya at electronics ang isang Memorandum of Understanding (MOU).

Layunin ng nasabing programa na pasiglahin ang metalwork at ang mga allied sector nito sa pandaigdigang merkado. Ang kasunduan ay nilagdaan upang pagtibayin ang pagbubuklod ng mga ito at paunlarin ang nasabing sektor sa pamamagitan ng programang Makinarya at Teknolohiya para sa Bayan o MakiBayan.

Pagbibigkisin ng programang MakiBayan ang gobyerno, pribadong sektor, at akademya upang isulong ang isang "enabling environment" na kung saan ay magkakaroon

ng pagbabahagi ng teknolohiya, kaalaman, kakayahan, maging ang mga pasilidad ng bawat kasapi nito para sa sektor ng metalwork, machinery, at electronics.

Sa ilalim ng MakiBayan, babalangkasin ang isang collaborative research and development (R&D) roadmap mula 2012 hanggang 2016.

Ayon kay DOST Secretary Montejo, kailangan ng bansa ang isang matatag at maunlad na industriya ng metalwork at electronics upang ito ay

sundan sa pahina 2

Nilalaman

- Monchito Ibrahim ng DOST-ICTO, kinilala sa ICT Int'l Awards* p. 2
- Herbal industry, suportado ng DOST* p. 3
- DOST, suportado ang kapakanan ng mga hayop* p. 4
- LarawaNews* p. 4

Monchito Ibrahim ng DOST-ICTO, kinilala sa ICT Int'l Awards

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII

Dahil sa kanyang malaking kontribusyon sa patuloy na pag-unlad ng Information on Communications and Technology (ICT) sa bansa, kinilala bilang Contributor of the Year ng ICT International Awards si dating CICT Commissioner at ngayon ay Deputy Executive Director ng DOST-ICTO Monchito Ibrahim.

Kabilang sa mga mahahalagang naiambag ni Ibrahim sa gobyerno, partikular sa industriya ng ICT ay ang pagpapatupad ng Philippine Cyber Corridor Initiative, kung saan layunin nito na makilala ang Pilipinas sa buong mundo sa pamamagitan ng epektibong serbisyo sa industriya ng IT-BPO. Bukod pa rito, malaki din ang papel na ginampanan ni Ibrahim sa pagpapanatili ng pag-unlad ng cyber service sa Pilipinas na siyang naging dahilan kaya pumapangalawa ngayon ang bansa pagkatapos ng India sa pinakamalaking naiaambag sa pandaidigang merkado. Pinangunahan din ni Ibrahim ang malawakang pagpapakilala sa buong mundo ng ating IT-BPO, na naging dahilan upang maparangalan ang Pilipinas bilang Offshoring Destination of the Year ng National Outsourcing Association sa taong 2007,2009 at 2010.

Naging aktibo rin si Ibrahim sa pagtatayo ng 34 na pangrehiyong konseho para sa



Si ICTO Deputy Executive Director Monchito Ibrahim sa nakaraang ICT International Awards. (Larawan mula sa science.ph)

ICT, na siyang tutugon sa pagpapaunlad ng industriya ng ICT sa bansa. Ang ilan dito ay ang programang Next Wave Cities o mga alternatibong lugar na maaaring maging lokasyon ng IT-BPO, maliban sa Metro Manila, Metro Clark at Metro Cebu, kung saan 26% ng mga IT-BPO Hub ay nasa mga nabanggit na lugar.

Nagbigay naman ng isang maikling mensahe si DOST-ICTO Executive Director Louie Napoleon Casambre na kung saan pinuri niya ang patuloy na paggabay ni Ibrahim sa nasabing Industriya.

"We are very proud of Mon's accomplishments and are glad that he

continues his good work in advancing ICT development in the country as a major driving force in DOST-ICTO" ayon kay Director Casambre.

Ilan rin sa mga binigyan ng pagkilala ay ang Philippine Economic Zone Authority (PEZA) Director General Lilia De Lima, at kauna-unahang Chairman ng CICT na si Mr. Virgilio L. Peña

Ang nasabing ICT International Awards ay inorganisa ng Canadian Chamber of Commerce of the Philippines (CanCham) at Business Processing Association of the Philippines (BPAP). (Impormasyon mula kay Roy Espiritu ng DOST-ICTO)

MakiBayan ng DOST...

Mula sa pahina 1

maging industriyalisado at moderno.

Kapag nagtagumpay ang programang MakiBayan, tiyak na magdudulot ito ng karagdagang trabaho, epektibong produksyon, at mga produktong may kalidad. Ilan sa mabibiyayaan ng programa ay ang sektor ng transportasyon, robotics, manufacturing, pag-iwas sa sakuna o disaster mitigation, at food processing ng mga small and medium enterprise (SME).

Samantala, iminungkahi naman ng Philippine Die and Mold Association o PDMA na magtatag ng isang Die and Mold Solution Center na magsisilbing pasilidad na tutulong sa mga SME na hindi sapat ang kakayahang bumili ng mga mamahaling kagamitang pangproduksyon. Layunin din nitong iangat ang produksyon ng die at mold sa bansa at bawasan ang importasyon ng mga ito.

"I thank the DOST, through the leadership of Secretary Montejo, for the MakiBayan Program. It has always been our aspiration to upgrade the status of

the tool and die sector of the country. Now we can work together to bring this objective into reality," wika ng pangulo ng PDMA na si Luis Antonio T. Fuster.

Pinasalamatan naman ng Metalworking Industry Association of the Philippines o MIAP ang DOST sa pagkakataong makilahok sa komersyalisasyon ng mga proyektong bunga ng R&D.

"We at MIAP are privileged to be part of this event in crafting the roadmap of the metalworking sector. As a gesture of gratitude we are taking a bold stance by accepting the challenge as one of the government partners in working towards improving productivity in the metal sector," ayon naman kay Virgilio F. Lanza, pangulo ng MIAP.

Ang nasabing pagtitipon o paglagda ng MOU ay dinaluhan din ng mga opisyal mula sa Electronics Industry Association of the Philippines, Inc. (EIAPI), at ng Engineering Research and Development for Technology (ERDT) na pinamumunuan ng University of the Philippines-Diliman.

Aristotle P. Carandang

Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano

Layout/Graphics

Mario B. Buarao

Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Herbal industry, suportado ng DOST

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, STII

/// Ang mga natural na produkto at sangkap ay isang sunshine industry na maaring maglagay sa Pilipinas sa global resource map," ayon kay Dr. Candida B. Adalla ng Department of Agriculture (DA) sa isang Round Table Discussion (RTD) para sa Philippine Herbal Industry na inilunsad ng Department of Science and Technology-National Academy of Science and Technology (DOST-NAST) at Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD).


Dagdag pa ni Dr. Adalla, na ang pandaigdigang kalakalan para sa natural na sangkap ay sumigla sa nakaraang sampung taon dahil sa pag-angat ng kamalayan ng mga mamimili ukol sa health at wellness.

Ang merkado ng natural na sangkap ay sumasakop sa pagkain, cosmetics, medisina at crop management. Ayon kay Dr. Adalla, nakapanghihinayang na sa kabila ng pagkakaroon ng bansa ng mga raw material, karamihan sa mga ito ay inaangkat pa sa kadahilanang mas mura o mas matatag ang supply sa ibang bansa.

Nagsagawa na ng mga hakbang ang DA upang palakasin ang natural na sangkap sa bansa ayon kay Dr. Adalla. Kabilang sa mga hakbang ng kagawaran ay ang pag-aaral ng produksyon at potensyal sa merkado ng piling natural na sangkap, pagpoproseso ng piling natural na sangkap sa antas ng pilot village, pagmamapa ng mga pagkukunan ng natural na sangkap sa bansa upang malaman ang kapasidad ng supply ng mga ito, at ang pagpapaunlad ng pamantayan para sa limang produkto: luyang dilaw, citrus oil, annatto, citronella at lemon grass.

Dagdag pa ni Dr. Adalla na hindi magiging problema ang kumpetisyon para sa lupa sa pagitan ng tanim na sangkap at mga pagkaing tanim dahil maaari silang pagsamahin sa isang cropping system. Magandang oportunidad din umano ang tanim na sangkap para sa bio-processing upang paunlarin ang ani at pagpoproseso ng hilaw na materyales na maaaring magbigay ng trabaho at karagdagang kita ng mamamayan sa kanayunan.

Ang pagpapaunlad sa industriya ng mga halamang gamot at natural na sangkap sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik ay isinusulong ng DOST-PCHRD. Layunin nito na makadiskubre ng mga bagong gamot mula sa mga natural na sangkap tulad ng Lagundi o *Vitex negundo* para sa pagpapaghawa ng ubo at sambong o *Blumea balsafimera* para sa pagtunaw ng bato sa kidney.



Website hacking ... Mula sa pahina 1

Hindi naman ikinatuwa ni DOST secretary Mario G. Montejo ang ginawang pag-atake ng mga hacker sa mga website ng Tsina. Ayon sa kanya, "These skirmishes in cyberspace are unsanctioned by either government and are largely outbursts of public sentiment by private citizens from either country regarding the current situation. It is our job in government to seek diplomatic solutions

to these issues and not let them get out of hand."

Samantala, sang-ayon naman ang mga eksperto sa Information Technology (IT), na ang nangyaring pag-hack sa website ng UP-Diliman ay indikasyon na kinakailangan pang paigtingin ang seguridad sa mga website partikular ang iba't ibang ahensya ng gobyerno.

Sa kaugnay na balita, ibinahagi ni Casambre na bukod sa Cyber Crime Bill na kasalukuyang nirerepaso ng Kongreso, ang

DOST-ICTO ay kasalukuyang nakikipag-ugnayan sa tanggapan ng Pangulo hinggil sa pagpapalabas ng Executive Order na bubuo ng isang komisyon na siyang magpapatupad ng mga alituntunin sa cyber security at paglaban sa cyber security at paglaban sa cyber crime, "The creation of this body will strengthen the necessary coordination and implementation of uniform security standards in government", dagdag pa ni Casambre.

DOST, suportado ang kapakanan ng mga hayop

Ni George Robert Valencia III
S&T Media Service, STII

Inihayag ng Department of Science and Technology (DOST) ang pagsuporta nito sa kapakanan ng mga hayop sa idinaos na Round Table Discussion (RTD) on Animal Welfare sa pangunguna ng National Research Council of the Philippines (DOST-NRCP).

Ang naturang RTD ay naglalayong talakayin ang pag-amyenda ng Republic Act (RA) 8485 o mas kilala bilang Philippine Animal Welfare Act.

Ayon sa mga tagapagtaguyod ng animal welfare, hindi sapat ang naturang batas upang pangalagaan at bigyang proteksiyon ang mga hayop.

Kabilang sa mga dumalo sa RTD ay ang Animal Kingdom Foundation, Inc. (AKF), Compassion and Responsibility for Animals (CARA), Human Society International (HSI), Island Rescue Organization (IRO), at Philippine Animal Welfare Society (PAWS). Kasama rin sa RTD ang mga kinatawan mula sa AGHAM Partylist at ng Bureau of Animal Industry ng Department of Agriculture (DA).

Nagkakaisa sa opinyon ang mga nabanggit na grupo na ang naturang batas ay kailangang rebisahin at gawing mas mataas ang multa at mas mabigat na kaparusahan ang nararapat na ipataw sa mga lalabag dito.

Nakatakda sa Animal Welfare Act ang kaparusahang pagkakakulong ng mula anim na buwan hanggang dalawang taon, o multa ng 1,000 hanggang 5,000 na piso; o pareho ng multa depende sa hatol ng korte.

Apat na mga panukalang bill ukol sa pag-amyenda ng RA 8485 – ang mga House



Hawak ni National Scientist Teodoro M. Topacio Jr. ang isang ginupit na editorial mula sa isang pahayagan patungkol sa animal welfare. Ayon sa mga tagapagtaguyod ng animal welfare, ang Republic Act 8485, o mas kilala bilang Philippine Animal Welfare Act, ay hindi sapat upang mapangalagaan at maipagtanggol ang mga hayop.

Bill 5849, 4831, 2198 at 6049 – na inihain mismo ng ilan sa mga grupong dumalo sa RTD. Tinalakay sa nasabing pagtitipon ang mga merito ng mga panukalang batas upang bumuo ng mas mabisang batas na aayon sa kapakanan ng mga hayop.

“Whichever bill is approved is of little importance as long as the animals are at a better condition at the end of the day,” pahayag ni Luis M. Buenafior, Jr., AKF Trustee.

“Any discussion is always good. This RTD can only be beneficial to the entire cause, as it is a place where all ideas can be gathered and brought to the table for a better Animal Welfare Act,” wika ni Anna Cabrera, PAWS Executive Director.

Ang Philippine Animal Welfare Act ay nilagdaan noong 1998 ni dating Pangulong Fidel V. Ramos, at ang unang batas sa Timog-Silangang Asya na nagtulak sa pangangalaga sa kapakanan ng mga hayop. Layunin nitong pangasiwaan ang pagtatayo ng mga pasilidad sa pagpaparami, pagpapanatili, paggamot, at pagsasanay ng mga hayop, bilang alaga at bagay-pangkalakal.

Ayon kay Cabrera, sinasaklaw ng RA 8485 ang lahat ng uri ng hayop—sa himpapawid, sa lupa, at sa tubig. Dagdag pa ni Cabrera na ang naturang batas, sa madaling salita, ay kumukundena sa lahat ng hindi makatuwiran at hindi kailangang anyo ng kalupitan o pang-aabuso sa mga hayop.

Larawanews



Napapanahon ang pagkakaroon ng isang bagong Doppler radar sa Bato, Catanduanes kung saan ang rehiyon ng Bicol ay madalas dalawin ng mga bagyo taun-taon. Ito ay makapagbibigay ng mga datos na kakailanganin ng pamahalaan sa mga programa laban sa mga sakuna. (Kuha ni Henry A. De Leon, S&T Media Service, STII)